

# MGA BAKUNA

Magpainiksiyon upang manatiling malusog

Ang mga bakuna ay mga iniksiyon na tumutulong sa iyo na iwasan ang pagkakasakit


## BAKIT KAILANGAN KO NG MGA BAKUNA?

Sa Estados Unidos, maraming sakit na dating lubhang nakakaapekto sa mga tao ay nawawala na. Ang isa sa mga pangunahing dahilan ay ang paggamit ng mga bakuna. Ang mga bakuna ay tumutulong na pigilan ang mga sakit na maaaring kumalat sa mga tao. Kapag kumuha ka ng mga iniksiyong kailangan mo, pinoprotektahan mo ang sarili at ang mga mahal sa buhay laban sa pagkakasakit.

## PAANO GUMAGANA ANG MGA BAKUNA?


Ang isang bakuha ay ginagawa mula sa virus (tinatawag ding mikrobyo) na katulad ng nagdudulot ng sakit. Ang mikrobyong ginagamit sa paggawa ng bakuna ay “patay” na o mahina. Hindi ka magkakasakit dahil dito. Sa halip, ito ay tutulong sa iyong katawan na labanan ang mga mikrobyo at ang mga sakit na idinudulot ng mga ito.

## SINO ANG NANGANGAILANGAN NG MGA BAKUNA?



## MAYROON BANG MGA DI-HANGAD NA EPEKTO?

Ang ilang mga tao ay may maliliit na di-hangad na epekto pagkatapos magpainiksiyon. Ang mga ito ay mawawala sa loob ng isa o dalawang araw.




Pananakit/  
Pamumula

Bahagyang  
Singaw sa Balat

Banayad na  
Lagnat

Ang ilang mga tao ay may pambihira, masasamang di-hangad na epekto pagkatapos magpainiksiyon. Madalas, ang mga ito ay mangyayari ilang mga minuto o ilang mga oras pagkatapos magpainiksiyon.



Paghihirap sa  
Paghinga

Pakiramdam ng  
Pagkahilo

Singaw sa Balat/  
Pangangati

Pamamaga ng  
Lalamunan

## ANU-ANONG MGA BAKUNA ANG KAILANGAN KO?

Ang talahanayan sa likod ay nagpapakita ng mga iniksiyon na kailangan ng mga nasa hustong gulang at bata. Ang mga nasa hustong gulang na hindi nakakuha ng lahat ng mga iniksiyon noong bata pa ay maaaring mangailangan ng mas maraming iniksiyon. Kausapin ang iyong doktor upang malaman kung anu-anong mga iniksiyon ang kailangan mo.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa:  
[www.vaccines.gov](http://www.vaccines.gov)

Pangalan ng aking doktor:

Numero ng telepono ng aking doktor:

# Magpainiksiyon upang manatiling malusog

Magpatingin sa iyong doktor at kumuha ng anumang mga bagong iniksiyon na kailangan mo.

Ang mga iniksiyong minarkahan sa ibaba ay kailangan ni: \_\_\_\_\_  
(Pangalan) (Age)

Ang iyong susunod na pagbisita ay: \_\_\_\_\_ (am/pm) \_\_\_\_\_  
(Petsa) (Oras) (Petsa ng Kapanganakan)

Ano ang tawag dito?	Sino ang nangangailangan nito?			Anong sakit ang tinutulungang pigilan ng iniksiyon?	Ano ang idinudulot ng sakit?
	Mga Bata* Ano ang idinudulot ng sakit? Lamang	Mga Bata at Nasa Hustong Gulang	Mga Nasa Hustong Gulang Lamang		
<input type="checkbox"/> DTaP o Td/Tdap		X		Dipterya	Lagnat, masakit na lalamunan, nanghihina; maaaring humantong sa pinsala sa puso at nerbiyo
				Tetano	Lagnat, matigas na leeg, nahihirapang lumunok; maaaring humantong sa paghihirap huminga
				Pertussis	Matinding ubo, tumutulong ilong, pagtigil sa paghinga ng sanggol; maaaring humantong sa impeksyon ng baga
<input type="checkbox"/> Trangkaso		X		Trangkaso	Lagnat, masakit na lalamunan, ubo, pananakit ng kalamnan; maaaring humantong sa impeksyon ng baga
<input type="checkbox"/> HepA		X		Hepatitis A	Pagkapagod, mga dilaw na mata at balat; maaaring humantong sa mga sakit sa atay, bato, at dugo
<input type="checkbox"/> HepB		X		Hepatitis B	Nanghihina, mga dilaw na mata at balat; maaaring humantong sa pinsala ng atay
<input type="checkbox"/> Hib		X		Haemophilus influenzae type b	Maaaring humantong sa impeksyon ng mga baga at lining sa paligid ng utak at gulugod
<input type="checkbox"/> HPV		X		Papillomavirus sa tao	Mga kulugo sa genital; maaaring humantong sa iba't ibang uri ng kanser
<input type="checkbox"/> IPV	X			Polyo	Masakit na lalamunan, lagnat, at sakit ng ulo; maaaring humantong sa kawalan ng kakayahang gumalaw ang katawan
<input type="checkbox"/> MCV4		X		Meningococcal na sakit	Biglang lagnat at matigas na leeg; maaaring humantong sa impeksyon ng lining sa paligid ng utak at gulugod
<input type="checkbox"/> MMR		X		Tigdas	Lagnat, singaw, tumutulong ilong, ubo, at kulay-rosas na mata; maaaring humantong sa impeksyon ng baga
				Biki	Lagnat, sakit ng ulo, at pamamaga ng mga glandula na gumagawa ng laway; maaaring humantong sa impeksyon ng lining sa paligid ng utak at gulugod
				Rubella	Lagnat, magang glandula, at mga singaw
<input type="checkbox"/> PCV		X		Pneumococcal na sakit	Impeksyon ng baga; maaaring humantong sa impeksyon ng dugo
<input type="checkbox"/> RV		X		Rotavirus	Fever, throwing up, and diarrhea
<input type="checkbox"/> Varicella	X			Bulutong-tubig	Lagnat at makakating singaw
<input type="checkbox"/> Zoster			X	Buni	Masasakit na singaw at paltos sa balat

\*Mga batang may edad na 0 hanggang 18 Panatiliing malusog ka at ang iyong mga mahal sa buhay. Magpainiksiyon.